



Sa simula, walang sintomas na mapapansin. Kapag tumagal, ang taong may Filariasis ay makararanas ng:

- Paulit-ulit na lagnat at ginaw
- Paglabas ng singaw o sugat sa balat
- Sakit ng ulo

*Ang karugtong nito ay nasa kasunod na slide.*

# Anu-ano ang mga sintomas ng sakit na Filariasis?



Paulit-ulit na lagnat at ginaw




Paglabas ng singaw o sugat sa balat



Sakit ng ulo

# Page 6




- Pananakit ng katawan
- Pag-ihi ng kulay hugas bigas
- Pamamaga ng mga kulani sa singit at kili-kili

Kung ikaw ay nasa Filariasis endemic area at nararanasan mo ang mga sintomas na ito, kailangan mong magpatingin sa health center.

Malalaman na ang isang tao ay may Filariasis kapag nagpasuri ng dugo. Sa blood test makikita ang bulate sa dugo.

# Anu-ano ang mga sintomas ng sakit na Filariasis?

Pamamaga ng mga kulani sa singit at kili-kili






Pag-ihi ng kulay hugas bigas

Pananakit ng kalamnan






Kung hindi agad nagpagamot ang taong may Filariasis, maaaring lumaki ang braso, bayag, binti, paa, at maging ang suso dahil ang mga bulate sa dugo ay lumalaki at dumarami at nagiging dahilan ng pagbabara ng daluyan ng dugo.

Ang mga bulateng ito ay namamalagi sa kulani sa singit at kili-kili. Ang mga kulani ang naglilinis ng dugo ng tao. Kung barado ang mga ito, naiipon ang dumi ng dugo at nagiging sanhi ng pagkapal ng laman at paglaki ng bahagi ng katawan tulad ng suso at binti. Ang paglaki naman ng bayag ay sanhi ng naipong tubig sa bahaging ito.


Ang lumaking bayag ay maaaring operahan. Ang lumaking binti, braso at suso ay maaaring maiwasan ang paglala sa pamamagitan ng tamang pangangalaga gaya ng paglilinis (paghugas at pagpapatuyo para hindi magsugat at magkaroon ng impeksyon), tamang posture (pagtaas ng paa kapag nakahiga o kapag namamalantsa), at bahagyang pag-ehersisyo.

# Anu-ano ang mga sintomas ng paglala ng Filariasis kung hindi ito agad magagamot?

Braso



Bayag




Binti at Paa



Suso







Kung may sakit na Filariasis sa inyong lugar, sumangguni at magpagamot sa health center at sumali sa Selective o Mass Drug Administration ng pamahalaan. Ang mga gamot sa sakit na Filariasis ay ligtas, mabisa at libre.

*Bigyang-diin na:*
Kailangang uminom ng mga gamot isang beses kada taon hanggang ideklara ng DOH na wala nang Filariasis sa inyong lugar. Ang pag-inom ng mga gamot ay ginagawa upang matiyak na mamamatay ang mga bulate sa loob ng katawan ng may sakit.

# Ano ang dapat gawin kung may sakit na Filariasis sa inyong lugar?

- Sumangguni at magpagamot sa health center
- Sumali sa Selective o Mass Drug Administration ng pamahalaan





*Ang mga gamot sa sakit na Filariasis ay libre, sadyang ligtas at mabisa.*